

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Lungsod ng Brampton magho-host sa pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan**

BRAMPTON, ON (Pebrero 20, 2020) – Sumali sa Lungsod ng Brampton para sa nakakasiglang pagdiriwang sa Pandaigdigang Araw ng Kababaihan o International Women’s Day, na nagtatampok ng mga workshop, pampagdiriwang na paglalakad, mga live performance at magaan na miryenda sa Linggo, Marso 8 mula 10 am hanggang 2 pm sa City Hall.

Iho-host nina Mayor Patrick Brown, Rehiyonal na Konsehal na si Rowena Santos at Konsehal ng Lungsod na si Charmaine Williams, ang pagdiriwang ay magtatampok kay Cristina Howorun ng TV ng Lungsod bilang ang Master of Ceremonies at keynote speaker na si Honourable Jean Augustine, Miyembro ng Queen’s Privy Council at Companion ng Order of Canada. Gumawa ng kasaysayan si Bb. Augustine noong 1993 bilang ang unang African-Canadian na babae na napili sa House of Commons ng Canada.

Ang Zonta Club ng Brampton at Caledon ay magpipresenta ng serye ng mga workshop mula 10 am hanggang 12 pm tulad ng sumusunod:

- Matagumpay na mga Babae sa Negosyo
- Bigatin na mga Babae sa Politika
- Pakikipaglaban para sa Pagiging Patas, Pagkakapantay-pantay at Adbokasiya sa Kasarian
- Pagbibigay kapangyarihan sa mga Ina
- Pagpapasali sa Kabataan at mga Tin-edger
- Kaisipan, Diwa, Kalusugan at Kabutihan
- Paghihikayat sa mga Babae ng Kultura at Paniniwala
- Mga Babae sa STEM

Walang bayad ang pagdalo sa mga workshop, ngunit kinakailangan ang pagpapa-register. Ang mga interesado sa pagdalo ay hinihiling na mag-RSVP sa [corporate.events@brampton.ca](mailto:corporate.events@brampton.ca) bago lumipas ang Pebrero 28.

Imbitado ang lahat na sumali sa pampagdiriwang na paglalakad mula Daily Times Square, papunta sa Queen Street, papunta sa Main Street South at papasok sa City Hall Atrium sa 12 pm. Magsisimula ang opisyal na seremonya sa 12:30 pm, na nagtatampok ng mga pagsasalita, mga performance at pormal na pagkilala sa dati at kasalukuyang mga miyembro ng Konseho ng Lungsod ng Brampton.

Ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan ay isang global na araw na nagdidiriwang sa mga tagumpay na panlipunan, pang-ekonomiya, kultural at politikal ng mga kababaihan. Hinuhudyat din nito ang isang tawag para kumilos sa pagpapadali ng pagkakapantay-pantay ng kasarian. Ang tema para sa kampanya ng taon na ito ay #EachforEqual.

Para sa karagdagang impormasyon sa pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan, bumisita sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**Mga Quote**

“Ang Pagkakaiba-iba ng mga Miyembro ng Komunidad ng Brampton ay mas pinapayaman araw-araw, salamat sa malaking ambag ng mga kababaihan sa buong lungsod at pagkilala sa bigating mga babae na naglingkod sa Konseho ng Lungsod ng Brampton. Ang event na ito ay isang pagkakataon na ipagdiwang ang mga nakamit ng kababaihan sa Brampton, sa buong Canada, at sa buong mundo.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang pagko-co-host sa pagdiriwang na ito ay personal na mahalaga sa akin bilang unang Filipino na napili sa Rehiyon ng Peel. Ang mga event na ganito ay nagdadagdag sa ating matibay na adbokasya at mga pagsisikap sa edukasyon para wakasan ang karahasan laban sa kababaihan. Umaasa ako na ang mga babae at mga lalaki mula sa lahat ng komunidad ng Brampton na may iba’t ibang miyembro ay sumali sa amin sa Pandaigdigang Araw ng Kababaihan para ipagdiwang ang mga tagumpay ng mga kababaihan, sumali sa talakayan sa ating mga workshop at magpatuloy sa pagpupunyagi para sa mundo na may balanseng kasarian.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1&5*

“Bilang unang Iitim na babaeng Konsehal ng Brampton, labis kong ipinagmamalaki na mag-co-host sa event na ito, kinikilala ang mga babaeng nauna sa akin at siyang nagpa-alab sa daan. Sa katangitanging mga halimbawa tulad ng maraming tagumpay ni Honorable Jean Augustine sa edukasyon, politika at panlipunang mga hangarin, ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan ay isang pagkakataon na ipagdiwang ang lahat ng mga tagumpay natin.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7&8*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)